SAGISAG NG KASANAYAN SA DALAWANG WIKA

# ESTADO NG MAINE

Maine Department of Education

Tagalog



Mga mag-aaral sa Bangor High School
2024-2025 na mga nakatanggap

STATE OF MAINE
SEAL OF BILITERACY

Ang lupaing tinatawag sa kasalukyan na Maine ay tahanang may malalim at matatag na pamanang lingguwistika. Ang kakayahang magsalita ng higit sa isang wika ay hindi lamang isang kalakasang pang-edukasyon—ito ay sumasalamin sa pagpapanatili ng kultura, pagkakakilanlan, at koneksiyon sa komunidad.



**FRED RAVAN,**
**GURO NG ESPANYOL & PANGULO NG *EDUCATORS FOR A MULTILINGUAL MAINE* (EMME)**

*"Ang Sagisag ng Kasanayan sa Dalawang Wika ay isang **mainam na paraan ng pagkakapantay-pantay ng mga mag-aaral dahil nagbibigay ng oportunidad ito sa kanila upang makibahagi sa pag-aaral** ng wika na karaniwan ay hindi nila gagawin. Sa katunayan, inaalam namin kung paano maialok ang pagsusulit sa **lahat ng mag-aaral sa iba't ibang baitang** upang masubaybayan namin ang kanilang pag-unlad sa pagkatuto ng wika sa pagdaan ng mga taon."*


## TUNGKOL SA SAGISAG NG KASANAYAN SA DALAWANG WIKA

Ito ay isang opisyal na pagkilala na iginagawad ng estado at inilalagay sa diploma at transcript ng mag-aaral sa high school upang parangalan ang kasanayan sa dalawa o higit pang wika.
Ito ay para sa lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga heritage speaker na unang natutunan sa tahanan ang isang wika bukod sa Ingles.



**BOBIN PARK, MAG-AARAL NG BOWDOIN**

*"Ang pagiging multilingguwal ay nagbibigay-daan sa akin para pahalagahan ang aking kultura habang pinalalawak ang aking pananaw sa mundo."*



**PAULINA SARGENT, GURO NG ESPANYOL**

*"Ang Sagisag ng Kasanayan sa Dalawang Wika ay nagbibigay ng nararapat na pagkilala sa pagsusumikap ng aking mga estudyante. **Tinitingnan namin ang mapa sa dashboard ng DOE** at ikinagagalak naming makita na kasama ang aming maliit na paaralan."*

## PAANO MAGSIMULA

Tuparin ang mga sumusunod na kinakailangan upang makakuha ng Sagisag ng Kasanayan sa Dalawang Wika sa panahon ng pagtatapos ng pag-aaral.

- Kasanayan sa Ingles
  *(sa pagtatapos sa high school)*
- Kasanayan sa pangalawang wika
  *(pagtatasa sa pandaigdigang wika)*

Isumite sa inyong paaralan ang inyong aplikasyon bago ang ika-30 ng Hulyo. Walang karagdagang bayad sa pagsumite ng aplikasyon pagkatapos ninyong magbayad at kumuha ng inyong pagsusulit sa wika.

Ang kredensiyal ay nagbibigay pagkilala sa kakayahan sa wika ng mga mag-aaral bilang mahalagang katangian, nagagawang pagtibayin ang kanilang pamanang pangkalinangan, at nagtatampok ng kanilang kahandaan para sa kolehiyo, mga karera, at mga pandaigdigang oportunidad.

Magtanong sa coordinator ng Sagisag ng Kasanayan sa Dalawang Wika ng inyong high school para sa higit pang impormasyon. Hindi pa huli para magplano nang maaga!

# MGA BENEPISYO NG SAGISAG NG KASANAYAN SA DALAWANG WIKA

Sa pagkamit ng Sagisag, nakakakuha ang mga mag-aaral ng mga benepisyong makabuluhan at praktikal sa pang-araw-araw na buhay, higit pa sa makapasa lamang sa pagsusulit.

# 1. KOLEHIYO



## KREDITO SA MAINE COLLEGE

Ang pinakamalakas na pagganyak sa karamihan ng mga mag-aaral para kamtan ang Sagisag ay para sa kredito sa kolehiyo. Mayroong 6 na kolehiyo sa Maine na nagbibigay ng kredito sa kolehiyo kapalit ng Sagisag ng Kasanayan sa Dalawang Wika (simula Agosto 2025).

**University of Maine at Farmington**
6 na kredito

**University of Maine at Orono**
6 na kredito


**University of Maine at Machias**
6 na kredito

**University of Southern Maine**
8 na kredito

**Southern Maine Community College**
8 na kredito

**Husson University**
6 na kredito

**Inirerekomenda naming alamin ninyo sa inyong mga kampus ng kolehiyo kung tumatanggap lamang sila ng espesipikong pagsusulit.



**82.6% NG MGA NAKATANGGAP NG SAGISAG NG KASANAYAN SA DALAWANG WIKA SA MAINE AY NAG-EENROL SA KOLEHIYO**
(simula August 2025).

## PAGPASOK SA KOLEHIYO

Bukod sa kredito sa kolehiyo, ang Sagisag ay isang parangal. Habang nagiging mas matindi ang kompentensiya sa pagpasok sa kolehiyo, ang parangal na ito ay itinuturing ng mga tanggapang tagapangasiwa ng pagpasok sa kolehiyo na isang mataas na antas ng kredensiyal.



## UNIVERSITY OF MAINE FARMINGTON

**LISA ELLRICH, DIRECTOR OF ADMISSIONS**

**Ang mga aplikanteng may ganitong pagkilala ay namumukod-tangi** bilang mga masisipag na mag-aaral na sinasamantala ang oportunindad at naaabot ang pinakamataas na antas ng kasanayan sa wika. Ipinakikita rin nito **ang isang aspeto ng mag-aaral na maaaring hindi nakikita** sa madaliang pagbabasa ng isang transcript.

**Pinaparangalan ng University of Maine at Farmington ang mga mag-aaral na ito** sa iba't ibang pagdiriwang bawat taon. Binibigyan namin sila ng mga paraan para lumahok **upang ibahagi ang kanilang pamanang lingguwistika sa komunidad ng kampus** at sinusuportahan namin sila nang 100%! Ipinagmamalaki namin ang kanilang mga nagawa at **gusto naming maipagmamalaki** rin nila ito.

Ang pag-aaral ng wika ay nagbibigay oportunidad para sa pag-uugnayan at pagpapalitan ng kultura — sa buong mundo at dito sa Maine — na nag-uugnay sa mga komunidad at nagpapalakas ng pagtutulungan sa iba't ibang kontinente.

# 2. TRABAHO

Mas maraming tagapag-empleyo ang naghahanap ng mga aplikante na bilingguwal para madagdagan ang kanilang mga kliyente. Malaki ang benepisyo ng mga mag-aaral na bilingguwal sa lakas-paggawa, lalo na sa mga lugar na pinahahalagahan ang komunikasyon sa maraming tagapakinig.

maine
Bureau of Human Resources

## KAWANIHAN NG YAMANG TAO (BUREAU OF HUMAN RESOURCES, BHR) NG MAINE

Tinatanggap ng Maine BHR ang Sagisag bilang sukatan ng kasanayan sa wika. Maaari ding mag-aplay ang mga empleyado para sa sahod ng pagiging multilingguwal upang mabayaran sa pagsasalita ng ibang wika sa lugar ng trabaho.



**AMELIA LYONS RUKEMA, CEO**

## MAINE MOBILE HEALTH

“Bilang isang tagapag-empleyo na naghahanap ng mga bilingguwal na kandidato, ang Sagisag ng Kasanayan sa Dalawang Wika ay talagang nakatutulong! Nagbibigay ito ng madaling paraan para masuri ang mga kasanayan sa wika ayon sa antas na kailangan namin, sa gayon nakatitipid kami ng oras at pera”.

Maaaring ilagay ng mga mag-aaral ang Sagisag sa kanilang mga resume, aplikasyon sa kolehiyo, at mga materyales para sa trabaho upang ipakita ang kanilang kakayahan sa iba't ibang wika at maging natatangi sa isang mapagkumpitensyang mundo.